Republic of the Philippines
**QUEZON CITY COUNCIL**
Quezon City
20th City Council

*PR20CC-1111*

*77th Regular Session*

*RESOLUTION NO. SP-* 7640 *, S-2018*

*RESOLUSYONG NAGBIBIGAY PUGAY KAY BB. CHRISTINE JOY DEL ROSARIO AGUILA SA PAG-ANI NG KARANGALAN BILANG ISA SA MGA ULIRANG GURO SA FILIPINO PARA SA TAONG 2018 NA IGINAWAD NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO.*

---

*Inihain ni Konsehal JULIENNE ALYSON RAE V. MEDALLA.*
*Itinaguyod nina Konsehal Lena Marie P. Juico, Elizabeth A. Delarmente, Victor V. Ferrer, Jr., Precious Hipolito Castelo, Voltaire Godofredo L. Liban III, Ramon P. Medalla, Ranulfo Z. Ludovica, Estrella C. Valmocina, Allan Benedict S. Reyes, Gian Carlo G. Sotto, Kate Abigael G. Coseteng, Jose Mario Don S. De Leon, Franz S. Pumaren, Raquel S. Malañgen, Irene R. Belmonte, Ivy Xenia L. Lagman, Jose A. Visaya, Karl Edgar C. Castelo, Godofredo T. Liban II, Allan Butch T. Francisco, Marivic Co-Pilar, Melencio "Bobby" T. Castelo, Jr., Rogelio "Roger" P. Juan, Diorella Maria G. Sotto, Donato C. Matias, Eric Z. Medina, Alfredo S. Roxas and Noe Lorenzo B. Dela Fuente III.*

---

*KUNG SAAN, ang Ulirang Guro sa Filipino ay iginagawad ng Komisyon sa Wikang Filipino para sa mga natatanging guro na nakapag-ambag sa pagpapalaganap ng matalino at malikhaing paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang disipina at saan mang rehiyon, at nakapagmalas ng pagpapahalaga sa kultura at kayamanang pamana ng bansa;*

*KUNG SAAN, sampung (10) guro mula as iba't ibang panig ng bansa ang ipinararangalan ng Komisyon sa Wikang Filipino bilang mga Ulirang Guro sa Filipino para sa kanilang hindi matatawarang sigasig na ipinamamalas sa pagsulong ng Wikang Filipino at mga wika at kultura ng kanilang rehiyon;*

*KUNG SAAN, si Bb. Christine Joy Del Rosario Aguila ng Philippine Science High School Main Campus ay isa sa mga maingat na pinili upang tumanggap ng pagkilala na ito batay sa kanyang makabuluhang ambag sa pagpapalaganap ng Wikang Filipino, kultura, at wika ng rehiyon sa larangan ng pagtuturo;*

*KUNG SAAN, si Bb. Aguila ay nagtapos ng Master of Arts sa Pagturo ng Filipino mula sa Philippine Normal University. Siya ay Special Science Teacher III, at Filipino Unit Head sa Philippine Science High School, Main Campus. Siya ay dati ring nagturo sa School of St. LaSalle sa Quezon City at sa Manila Central University;*

*KUNG SAAN, si Bb. Aguila ay nakatanggap ng iba't ibang pagkilala tulad ng Consistent Outstanding Performance Award mula sa Philippine Science High School, at Excellent Performance as Professor, Extra Mile Service Award, at Catch the Faculty Doing Good Award mula sa Manila Central University;*

*KUNG SAAN, akma lamang na kilalanin at bigyang pugay ng Pamahalaan ng Lungsod Quezon ang kahusayang ipinamamalas ni Bb. Aguila sa pagturo ng Filipino at sa paghubog ng mga mag-aaral ng lungsod.*

*NGAYON, SAMAKATUWID,*

*IPINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD QUEZON SA KARANIWANG PAGPULONG ang pagbibigay pugay kay Bb. Christine Joy Del Rosario Aguila sa pag-ani ng karangalan bilang isa sa mga Ulirang Guro sa Filipino para sa taong 2018 na iginawad ng Komisyon Sa Wikang Filipino.*

*PINAGTIBAY: October 15, 2018.*

ALEXIS R. HERRERA
1st Asst. Majority Floor Leader
Pansamantalang Tagapamahala

*PINATUTUNAYAN:*

Atty. JOHN THOMAS S. ALFEROS III
City Secretary

*CERTIFICATION*

*This is to certify that this Resolution was APPROVED by the City Council on Second Reading on October 15, 2018 and was CONFIRMED under Suspended Rules on the same date.*

Atty. JOHN THOMAS S. ALFEROS III
City Secretary